# Ang sinumang nagsagawa ng wuḍū' saka nagpaganda sa wuḍū', lalabas ang mga kasalanan niya mula sa katawan niya hanggang sa lumabas ang mga ito sa ilalim ng mga kuko niya."}

Ayon kay Uthmān bin `Affān (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nagsagawa ng wuḍū' saka nagpaganda sa wuḍū', lalabas ang mga kasalanan niya mula sa katawan niya hanggang sa lumabas ang mga ito sa ilalim ng mga kuko niya."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nagsagawa ng wuḍū' kasabay ng pagsasaalang-alang sa mga sunnah ng wuḍū' at mga etiketa nito, iyon ay magiging kabilang sa mga kadahilanan ng pagtatakip-sala sa mga masagwang gawa at pagbaba ng mga kasalanan "hanggang sa lumabas" ang mga pagkakasala niya mula sa ilalim ng mga kuko ng mga kamay niya at mga paa niya.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/6263